## PRAYER

- Ipanalangin na ipakita ng Diyos ang Kanyang mga pangako sa iyo. Ipanalangin na ang puso mo ay maging bukas sa sinasabi ng Kanyang Salita.
- Pasalamatan ang Diyos sa pagpapadala ng kaligtasan sa Kanyang kaharian. Pasalamatan Siya sa pribilehiyo na maranasan ang kagalakan na nagmumula sa kaligtasan at kapayapaan na ibinibigay Niya.
- Ipanalangin na maranasan ng iyong pamilya at mga kaibigan ang kaligtasan at kapayapaan ng Diyos. Ipanalangin na maunawaan nila ang ibinibigay Niyang kaligtasan.

## NOTES

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2020 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph

a new hope

# Linggo ng Palaspas

WEEK 1

## WARM-UP

- Ano ang mga larawan o salitang naiisip mo sa tuwing naririnig mo ang salitang "hari"?
- Ikaw ba ang taong mahilig magplano o mas gusto mo ang mga lakad na biglaan? Ikuwento ang isang pagkakataon kung saan kabaliktaran ng karaniwan mong ginagawa ang iyong naging desisyon o aksyon.
- Magbigay ng isang lugar kung saan nakasisiguro kang laging magiging magiliw ang pagtanggap sa iyo. Ipaliwanag kung bakit.

## WORD

*[37]Nang pababa na siya sa Bundok ng mga Olibo at malapit na sa Jerusalem, nagsigawan sa tuwa ang lahat ng tagasunod niya at nagpuri nang malakas sa Diyos dahil sa mga himalang nasaksihan nila.*
*[38]Sinabi nila, "Pinagpala ng Panginoon ang haring kanyang ipinadala. Mayroon na tayong magandang relasyon sa Diyos. Purihin ang Diyos sa langit!""* **LUCAS 19:37,38**

Noong araw na ito, na tinatawag natin ngayon na Linggo ng Palaspas, si Jesus ay sumakay sa likod ng isang asno, at napalibutan ng mga sigaw ng papuri at kasiyahan mula sa Kanyang mga disipulo. Pinarangalan nila Siya bilang isang Hari na pumapasok sa Kanyang kaharian. Ang matagumpay na pagpasok na ito sa Jerusalem ay isang mahalagang sandali sa Bibliya, kung saan ipinaalam ni Jesus sa publiko na Siya ang ipinangakong Tagapagligtas. Para sa mga Judio, ang "ipinangakong Tagapagligtas" ay isang bagay na pinanghawakan nila nang matagal na panahon—ang pangakong darating ang bagong pag-asa, ang Tagapagligtas, na magliligtas sa kanila at magpapanumbalik ng kaharian ng Israel. Narito ang tatlong katotohanan tungkol kay Jesus, ang ating Hari, at kung ano ang kahulugan nito sa atin ngayon.

## 1 Ang Hari ay ipinangako.

*Dinala nila ang asno kay Jesus, at isinapin nila ang kanilang mga balabal sa likod ng asno at pinasakay si Jesus.* **LUCAS 19:35**

(Basahin din ang **ZACARIAS 9:9.**)

Mahigit 500 taon bago pa man ito nangyari, nagkaroon ng propesiya na ang hari ng Jerusalem ay darating na nakasakay sa isang asno. Ito ang pangakong pinanghawakan ng mga Judio. Ang matagumpay na pagpasok ni Jesus sa Jerusalem ay isang pisikal na paghahayag ng katuparan ng pangakong ito. Nakita ito ng mga Judio at sila ay nagdiwang kasama ang mga disipulo ni Jesus. Maaari rin nating angkinin na ang mga ipinangako ng Diyos ay matutupad—habang tayo ay nabubuhay pa o kahit tayo man ay wala na dito sa mundo. Paano ka nabibigyan ng pag-asa ng mga pangakong ito?
Ano ang isang pangako na pinanghahawakan mo?

## 2 Ang Hari ay magdadala ng kapayapaan sa Kanyang Kaharian.

*[37]Nang pababa na siya sa Bundok ng mga Olibo at malapit na sa Jerusalem, nagsigawan sa tuwa ang lahat ng tagasunod niya at nagpuri nang malakas sa Diyos dahil sa mga himalang nasaksihan nila. [38]Sinabi nila, "Pinagpala ng Panginoon ang haring kanyang ipinadala. Mayroon na tayong magandang relasyon sa Diyos. Purihin ang Diyos sa langit!"* **LUCAS 19:37,38**

Ang isang kaharian ay nagpapakita ng katangian ng hari nito. Ibinigay na propesiya ang pagdadala ni Jesus ng kaligtasan at kapayapaan sa Israel. Bagama't iba ang pagkakaintindi dito ng mga Judio na umaasa sa militar at politikal na pagsakop, si Jesus ay dumating upang magdala ng kaligtasan—mula sa kamatayan—at kapayapaan. Ang kapayapaan, na mula sa salitang *shalom*, ay nangangahulugan ng pagkakaroon ng kabuuan at magandang kalagayan, at hindi ang kawalan ng digmaan. Bilang mga tagasunod ng Diyos, tayo ay bahagi ng Kanyang kaharian. Maaari nating maranasan at ikagalak ang kaligtasan at kapayapaan na dala ng Diyos dahil ipinapakita ng Kanyang kaharian ang Kanyang katangian. Paano mo naranasan ang kapayapaan ng Diyos?

## 3 Ang Hari ay karapat-dapat tumanggap ng papuri at parangal.

*[39]Sinabi sa kanya ng ilang Pariseong kasama ng karamihan, "Guro, sawayin mo ang mga tagasunod mo." [40]Pero sinagot sila ni Jesus, "Sinasabi ko sa inyo: kung tatahimik sila, ang mga bato na ang sisigaw ng papuri."* **LUCAS 19:39,40**

Ang katangian ng Diyos ay dapat na papurihan. Nang siya ay papurihan at parangalan ng Kanyang mga disipulo habang Siya ay papasok sa Jerusalem, ang ilang mga Pariseo ay sinabihan si Jesus na patigilin sila. Subalit sinabi Niya na *kung tatahimik sila, ang mga bato na ang sisigaw ng papuri.* Purihin man natin Siya o hindi, ang Hari ay tatanggap ng papuri. Labis ang kaluwalhatian ng Diyos na kung makikita natin siya, ikabubulag natin ito. Ano ang ilan sa mga halimbawa ng pagkakita sa kaluwalhatian ng Diyos  (Exodus 33:20; Isaias 6:5)?

## APPLICATION

- Ano ang mga ipinangako ng Diyos na ipinaaalala Niya ngayon sa iyo? Panghawakan ang mga pangakong ito sa buhay mo.
- Ano ang isang bahagi sa buhay mo (pananalita, kaisipan, o kilos) na nangangailangan ng kapayapaan ng Diyos? Isuko ito sa Kanya at ihayag ang pagiging ganap nito sa buhay mo.
- Hingin sa Diyos na ipaalam sa iyo ang mga kapamilya o kasama mo sa komunidad na nangangailangan ng Kanyang kaligtasan at kapayapaan. Maglaan ng oras upang ipanalangin sila.